（TAGALOG/タガログ語版）　Ｎｏ．96

KIAN
KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KUMUSTA KAWASAKI
Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City


# Bakuna para sa alagang Aso

(286)　（犬の予防接種）



Mula sa buwan ng Abril, ipinababatid sa lahat ng may alagang aso ang tungkol sa pagpapabakuna ng "anti-rabies" o ineksyon laban sa idropobya. Ang pagpapabakuna ay gaganapin sa mga kooperatibang ospital ng mga hayop at hindi na tulad ng isinasagawang massive vaccination sa mga nakaraang taon. Wala namang pagbabago sa presyong sisingilin sa bawat aso na nagkakahalaga ng 2,950 yen at 550yen naman sa sertipikong nagpapahayag na tapos nang mapabakunahan ang alagang aso. Ito ay ipapatupad sa mga ospital ng hayop sa loob ng dalawang buwan mula ika-1 ng Abril hanggang ika-31 araw ng Mayo.

Mangyaring tiyakin ang iskedyul ng pagpapabakuna sa mga ospital ng hayop sa inyong lugar bago magsadya. Maaaring tanungin ang detalye ng mga ospital na ito sa Animal Health Division ng Tanggapang Pampamahalaan (kuyakusyo) sa teleponong 044-200-2448.



# Araw ng pangungolekta ng Basura

(287)　（ごみの収集日）



Magbabago ang araw ng pangungolekta ng basura mula sa buwan ng Abril. Ang mga pangkaraniwang basura ay kukolektahin ng 3 beses sa isang linggo samantalang ang mga recyclable naman ay isang beses sa isang linggo. Depende sa lugar, maaaring MWF(Lunes, Miyerkoles at Biyernes) o TThS (Martes, Huwebes, Sabado ).






Halimbawa, sa kasalukuyan ay nagtatapon ng pangkaraniwang basura sa araw ng Lunes, Martes, Miyerkoles at Biyernes, ito ay mapapalitan ng Lunes, Miyerkoles at Biyernes. Ang basura sa araw ng Martes ay itatapon ng minsanan sa araw ng Miyerkoles. Inaasahan ang kooperasyon ng lahat.

Sa iba pang detalye, tumawag sa: Environmental Protection Bureau, Waste Policy Office(Kankyo-kyoku Haikibutsu Seisaku Tanto) 044-200-2580.

# Maging miyembro ng Hana Club

（288）　　　　　　　　　　　　（花クラブ会員の募集）

Ang HANA CLUB ay grupong naglalayong pagandahin at punuin ng bulaklak ang Nakahara Ward kung kaya't ito ay nananawagan sa lahat na sumali at maging miyembro ng grupo.
Ang mga magiging miyembro ay inaasahang magtatanim ng mga bulaklak tulad ng pansy sa plorera ng istasyong Musashi Kosugi at Musashi Nakahara at aalagaan ito ng dilig.
Bukod dito, magdaraos din ng lektura sa paghahardin, at upang palawigin ang samahan o relasyon ng bawat miyembro, may palitan ng kuro-kuro at pag-aaral tungkol sa pagtatanim. Inaanyayahan ang lahat o sinumang interesado sa pagtatanim ng halaman sa loob ng buong isang taon.
Makipag-ugnayan sa Nakahara Kuyakusho Chiiki Shinkouka 044-744-3324.


# Kurso ng Nihonggo

*Halina't mag-aral ng masaya at kapaki-pakinabang na Wikang Hapon*


## Pang-gabing Kurso (Miyerkoles 18:30～20:30)



Ⅰ　Abril/11 hanggang Hulyo/17
¥ 6,500 (labintatlong (13) beses)
Ⅱ　Septyembre/5 hanggang Disyembre/12
¥ 7,500 (labinlimang (15) beses)
Ⅲ　Enero/16 hanggang Marso/12
¥ 4,500 (siyam na (9) beses)



## Pang-umagang Kurso (Martes at Biyernes 10:00～12:00)



Ⅰ　Abril/24 hanggang Hulyo/13
¥ 11,000 (dalawampu't dalawang (22) beses)
Ⅱ　Septyembre/21 hanggang Disyembre/7
¥ 11,500 (dalawampu't tatlong (23) beses)
Ⅲ　Enero/11 hanggang Marso/17
¥ 8,500 (labingpitong (17) beses)



Tumawag o magsadya sa:
***Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki*** **TEL：044-435-7000　FAX：044-435-7010**

**e-mail: kiankawasaki@kian.or.jp　http://www.kian.or.jp/**

Inilathala ng Asosasyong Pandaidig ng Siyudad ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion Cho,　Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033　Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/